



Did you know that you can receive a lump-sum pension refund?

Kung ikaw ay babalik sa sariling bayan, Maaring i-aplay ang “Lump-sum Withdrawal Payments”.

Ang uri ng “Japanese pension system” ay panglahatang “pension coverage”. Magkaloob ng pensyon sa pagtanda. Kung nagtatrabaho sa isang kumpanya, ito ang halaga ng pensyon na binabawas sa bawat buwang sweldo. Alam mo ba na pwede mong makuha ang “lump-sum pension refund” kung ikaw ay bumalik sa sariling bayan?

■ “Refund” ng pensyon sa pag-alis ng Japan.

Ikaw ba ay nagbabayad ng “Japanese” pensyon? Kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang kumpanya, at merong kapaloobang “employees pension insurance systems”, ang iyong kontribusyon ay binabawas sa iyong sweldo. Ang sistema ng pensyon na ito ay upang magkaloob ng buwanang pensyon sa iyong pagtanda. Subalit, kung planong bumalik sa sariling bayan bago dumating ang edad na ukol dito, maaring mag apela ng “Lump-sum Withdrawal Payments”. Ang kabayaran ay ayon sa bilang ng buwanang kontribusyon na ginawa. Kailangan mag sumite ng aplikasyon sa loob ng 2 taon pag kaalis ng Japan, maari po lamang na kumpletohin ang “claim form” ingatan at ipadala sa “Social Insurance Operation Center” kasama ang kopya ng (pahina ng passport katibayan ng araw ng paglisan sa Japan, pangalan, kaarawan, nationality, pirma at status ng residente), impormasyon ng iyong “bank account” at “pension handbook”. Tandaan, maaring magkatanggap nito **PAGKA-ALIS MO LANG SA JAPAN**. Sa pag aplay kailangan masunod ang mga kundisyon.

- 1) Hindi nagtataglay ng “Japanese citizenship”.
- 2) Nagbabayad ng direktso sa “National Pension Insurance contributions” bilang “insured person” sa loob ng anim na buwan o higit pa o nagbabayad ka ng “Employees’ Pension Insurance contributions” sa loob ng anim na buwan o higit pa.
- 3) Walang lugar na titirahan sa Japan.
- 4) Hindi naging kwalipikado sa

Para sa detalye, maaring bumisita sa multilingual website: <http://www.sia.go.jp/e/lw.html>

Merong mga bansa tulad ng (Germany, U.S.A., Belgium, France, Canada, Australia and etc..) merong kasunduang “international social security agreements” sa Japan. Sa ilalim nito, maari mong pagsamahin ang “enrollment periods” ng bansa upang ma kwalipikadong makatanggap ng benepisyo. Subalit, kung nakatanggap ng “Lump-sum Withdrawal Payment”, ang kabu-uhan ng babayaran ay mahirap kwentahin.



Maging maingat sa pagkwenta sa dahilang ang “refund” ay hindi magandang bagay palagi. Ang U.K. at Korea ay merong “social security agreements” sa Japan upang maiwasan ng manggagawa ang maghulog sa “social security pension schemes” ng parehong bansa sa sabay na panahon.

<http://www.sia.go.jp/seido/old-kvotei/kvotei02.htm>

Kung nagbabayad ng “Japanese pension scheme” at intensyong bumalik sa sariling bayan, maari po laman kumunsulta sa malapit na “social insurance center” ng mas maaga

www.ficcc.jp/foreign/

● The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

Halina at sumali sa Kasayahan !!

Fujimi-city International Exchange Forum

"International exchange forum" ay isang "popular event", ginaganap tuwing "autumn". Bawat isa na naninirahan sa komunidad, kahit anong lahi, maaring makipag palitan ng kultura at makipag kaibigan. Bawat isa mula bata hanggang matanda ay maaring makisaya at lumahok sa "forum" na ito. Halina magsama ng kaibigan sumali at makisaya.

Petsa/Oras : Ika-15 ng Nobyembre (sun) /12:00~16:00

Lugar : Fujimino Exchange Center, Fujimi-city
(Sampung minuto lakad mula sa "east exit" mula sa stasyon ng Fujimino. Kung pupunta at merong sasakyan, maari po iparada ang sasakyan sa Fujimino elementary school.)

Nilalaman

- Karanasan at Pagpapalitan Corner (12:00~14:00) Subukan ang "ethnic dress" at pagkuha ng litrato, Larong Card upang maunawaan ang ibat-ibang kultura, Libreng pakikipag-usap sa "foreign national", Thai massage, at marami pang iba.
- "Teatime" at Atraksyon (14:00~15:05) Ang "world's teas" at "sweets", Fashion show ng ethnic costumes, Folk dance ng Myanmar at Chinese na kanta.
- Pananaw ng "Foreign nationals" (15:05~16:00) Japanese speech ng "foreign national". Sebisyong mag-aalaga ng bata.



Bagong "Carry-on" baggage regulasyon sa "domestic flights"

Ang bagong regulasyon, ay pasisimulan sa ika-1 ng Disyembre, I-aplay sa lahat ng magba-bagahe.

Ang detalye ay ang sumusunod.

- ① Para sa eroplanong higit sa 100 upuan, ang "total dimension" ng "carry-on" na bagahe ay 115 cm o mas mababa. (Ang sukat ay 55cm taas × 40 cm lapad × 25 cm lalim.)
 - ② Sa eroplanong mababa sa 100 upuan, ang sukat ng "carry-on" na bagahe ay 100 cm o mas mababa. (Ang sukat ay 45 cm taas × 35 cm lapad × 20 cm lalim.)
- Kung ang bagahe ay hindi ayon sa kundisyon ito ay gagawing "checked-in" na uri ng bagahe.

"Tikman ang sarap ng sariling bayan"



★ "Agência Minami Saitama" Brazilian food store

Rekomendasyon ngayong buwan "Agência Minami Saitama". Ito ay 3 minutong lakad mula sa "west exit" stasyon ng Kawagoe. Ms. Arai, isang "volunteer teacher" ng "FICEC's International Children Club", ay nagkaloob ng impormasyon ukol dito. Ang tindahan ay nasa malapit sa "main street" halera ng gusali ng mga kumpanya at pamilihan. Maraming "Brazilian products". Merong "coffee beans" na pinagmamalaki ng Brazil, "beef chunks", CD, DVD, pabango, at "bath-items" dito. Bakit hindi tikman ang malinamnam na "cheese bread" na pinagmamalaki at masayang makipag-usap sa kawili-wiling "Brazilian staff"?

"Agência Minami Saitama"

PAANO MAIWASAN MANAKAW ANG BISEKLETA

Ang bilang ng nakaw na bisekleta ay dumarami sa 2 Siyudad at 1 bayan. Kalimitan ng ninanakaw na bisekleta ay nasa malapit na istasyon. Narito ang 3 paalala upang maiwasan manakaw ang bisekleta.

- 1 – Gumamit ng "two locks" tulad ng "cylinder type key" at locking cable.
- 2 – I-susi ang iyong bisekleta kahit iiwanan ng sandali.
- 3 – I-rehistro ang iyong bisekleta. Naka-rehistrong bisekleta ay mas malaking posibilidad na ito ay makita pa.

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance translated in 6 languages is available.